Nilalaman

A. Karapatan sa Trabaho:
- Sahod
- Paghawak ng mga dokumento
- Malayang pagpalit ng broker
- Partikular sitwasyon na maaring magpalit ng amo
- Direct hiring
- Pagtaguyod o pagsali sa labor union
- Paraan ng pagpapatunay sa pagtapos ng kontrata
- Karapatang humingi ng araw ng pahinga

B. Paraan ng pagreklamo at paglaban sa karapatan:
- Checklist
- Paano mangolekta ng ebidensya
- Karapatan ng dayuhang manggagawa na magreklamo

C. Kapag ikaw ay OCW na reported missing:
- Mga gastos na kailangang bayaran bago umuwi sa sariling bansa
- Kusang pagsurrender ng sarili sa National Immigrations Agency
- Kunin ang dating naipon na sahod

D. Mga halimbawa:
- Kaso ng hindi pagkakaunawaan ng worker at employer (labor dispute)
- Kaso ng sexual abuse
- Kaso ng sexual exploitation
- Kaso ng labor exploitation

E. Mga resources na maaring gamitin:
- Local NGO groups at telepono

# A. Karapatan sa Trabaho:

## 1. Sahod

Hindi ka maaring pilitin ng amo (employer) na mag-ipon ng pera sa savings.

Ang amo o broker ay hindi maaring gumamit ng anumang dahilan (tulad ng natatakot silang tumakas ka, tulungan ka na mag-ipon ng pera para sa tiket mong pauwi) para sabihin sa iyo na ipatago ang pera mo sa kanila.

Dapat na ibigay ang buong sahod sa iyo.

Ang buong sahod ay dapat ibigay sa iyo ng amo o ng broker. Walang anumang dahilan upang iantala ang pera mo. Ang amo o broker ay dapat magbigay ng payroll slip na nakasulat sa iyong inang wika upang maging malinaw sa iyo ang pagbilang ng sahod mo.

Ang amo o ang broker ay dapat sumunod sa halagang kakaltasin para sa food and board na ayon sa nakasulat sa kontratang pinirmahan sa pagpunta rito sa Taiwan.

Ang halagang kakaltasin para sa food and board ay hindi dapat humigit sa $5000. Hindi maaring kusang dagdagan pa ng amo o ng broker ang mga bagay na dapat kaltasan ng pera.

Ayon sa "Patakaran ukol sa mga Employers na Naghihire ng mga Dayuhan" Provision 27-2: "…affidavit (kontrata), hindi maaring palitan ang dating nakasulat ng hindi pabor sa mga dayuhan."

Withholding tax: Hindi dapat bawasan ng broker ang withholding tax para sa mga domestic household workers.

Pagbilang ng overtime pay

Para sa nagtratrabaho sa pabrika

Humigit sa 8 oras ng trabaho, ang naunang 2 oras na overtime ay dapat dagdagan ng 1/3 o 33% na sahod sa bawat oras sa pangkaraniwang araw. Ang ibang oras ng overtime (bukod sa naunang 2 oras) ay dapat dagdagan ng 2/3 o 66%.

Formula ng pagbilang:

Basic Sahod / 30 araw / 8 oras = Sahod ng bawat oras sa pangkaraniwang araw

Sahod ng bawat oras sa pangkaraniwang araw X 1.33 = Overtime pay bawat oras sa naunang 2 oras (pang-9 at 10 na oras)

Sahod ng bawat oras sa pangkaraniwang araw X 1.66 = Overtime pay bawat oras sa nahuling 2 oras (pang-11 at 12 na oras)

Para sa mga domestic household workers at caregivers at sa mga caregivers sa mga institutions o agencies

Kapag wala kang araw ng pahinga sa loob ng bawat buwan, dapat kang bigyan ng amo ng overtime pay para sa apat na araw, total na $2,112.

Formula: 15840 / 30 araw = 528 bawat araw

## 2. Paghawak ng mga dokumento

Kapag gustong kunin ng amo o ng broker ang iyong passport o ARC, o pinapapirma ang authorization letter na pinapatago mo ang iyong mga dokumento sa amo o sa broker, ikaw ay may karapatang tumanggi. Ang angkop na pagtago sa sarili mong mga dokumento ay sarili mong karapatan. Ayon sa batas ng Taiwan, hindi maaring itago o sakupin ng amo ang iyong pasaporte, ACR o ari-arian.

Kapag ngayon mo lamang nalaman ang karapatan mong ito matapos na basahin ang handbook na ito, kahit na ikaw ay dating may pinirmahan na authorization na pumapayag kang itago ng amo o ng broker ang passport at ARC, may karapatan kang magbago ng pasiya sa anumang oras.

Ayon sa Employment Services Act, Article 57, Paragraph 1-8, hindi maaring kunin nang labag sa batas ng amo ang pasaporte, ACR o ari-arian ng dayuhang manggagawa.

## 3. Malayang pagpalit ng broker

Maari kang magpalit ng broker na hindi kinakailangan ang pahintulot ng amo.

Maari ring wala kang broker. Kapag ikaw ay walang broker, kailangan mong ipaalala sa iyong amo ang pag-ayos sa mga sumusunod:

(1) Medical examination
(2) Pag-extend sa ACR sa pagpaso nito
(3) Pag-extend sa mga iba pang dokumento

## 4. Partikular sitwasyon na maaring magpalit ng amo

Kapag ikaw ay biktima ng sexual abuse o human trafficking, pinapanagutan ng batas ang karapatan mong maaring magpalit ng amo at maaring palitan ang kategorya ng trabaho.

Bago maghatol ang Hukuman: Ayon sa Employment Services Act, Article 59-4, sa mga dahilang hindi pananagutan ng OCW, maaring magpalit ng amo ang OCW.

Matapos ang hatol ng Hukuman:

a. Ang amo ay tinukoy na labag sa batas: Ayon sa paglabag ng amo sa Employment Services Act, Article 54-15, makakansela ang hiring permit ng amo ayon sa Article 72 ng nasabing Act.

b. Ang amo ay hindi inuusig o walang kasalanan: Kapag ang OCW ay nakapagpalit na ng bagong amo at naririto pa rin sa Taiwan, maaring ikansela ang working permit sa napaglipatang amo at pauuwiin.

(Note: Kapag ang dahilan ng hindi pag-usig ay hindi maiparatang o masisi sa bahagi ng manggagawa, hindi ikakansela ng Workforce Development Agency ang working permit ng manggagawa. Sa mga kasong nahawakan hanggang ngayon, nagamit lamang ang regulasyong ito sa sitwasyong mali ang akusasyon ng manggagawa sa amo.)

## 5. Direct Hiring

Kapag ikaw ay nakapagtrabaho sa isang amo nang tatlong taon at inaasahan ng amo at ikaw na ipagpatuloy ang trabaho rito sa Taiwan, maaring gamitin ng amo ang paraang "Direct Hiring" upang ayusin ang papeles sa pag-rehire sa iyo at hindi kinakailangang idaan sa tulong ng broker.

Tanggalin ang mataas na bayad sa broker's fee: Sa pamamagitan ng paraang "Direct Hiring", ikaw at ang amo ay hindi kailangang gumastos ng malaking bayad para sa broker's fee at ikaw ay makakabalik na magtrabaho sa Taiwan.

Kapag unang pagkakataon na pumarito sa Taiwan, maari ring gamitin ang paraang "Direct Hiring".

Apat (4) na buwan bago matapos ang kontrata, ay maari nang simulan ang pag-ayos ng papeles.
Direct Hiring Service Center website: http://dhsc.evta.gov.tw/home-chi.jsp
Direct Hiring Service Center Taipei Branch
Telepono: (02) 6613-0811
(may serbisyo sa wikang Intsik / Ingles / Thai / Vietnamese/ Indonesian)
Lugar: 11th Floor, No. 39, Sec. 1, Chonghwa Rd., Zhongzheng District, Taipei City 100
E-mail: dhscservice@dhsc.org.tw

## 6. Pagtaguyod o pagsali sa labor union

Enterprise union – samahan ng mga manggagawa sa isang kumpanya o pagawaan
Industrial union – samahan ng mga manggagawa sa isang uring industriya
Professional union – samahan ng mga manggagawa sa isang uring propesyon sa isang lunsod o county bilang lugar ng organisasyon

Mga Hakbang sa Pagtaguyod ng Union

Hakbang 1: 30 at mahigit na tao ang magsimula ng petisyon.
Hakbang 2: Magkaroon ng Preparatory Committee, at magkaroon ng 2 o mahigit pang beses ng Preparatory Committee Meeting
Hakbang 3: Pagtanggap ng aplikasyon ng mga miyembro
Hakbang 4: Itakda ang mga artikulo ng samahan at magkaroon ng Inaugural Meeting.
Hakbang 5: Sa loob ng 30 araw matapos ang Inaugural Meeting, ihandang mabuti ang Artikulo ng Sa-

mahan, pangalan ng mga miyembro at opisyales ng samahan, at humingi ng registration certificate mula sa mga may awtoridad.

Pagsali sa Union

Sa kasalukuyan, ang "Yilan County Fishermens' Labor Union" pa lamang ang labor union sa Taiwan na binubuo ng mga dayuhang contract workers.

## 7. Paraan ng pagpapatunay sa pagtapos ng kontrata

Kapag ikaw ay binantaan ng amo na pauuwiin ka, ikaw at ang kontrata at ang dalawang partido ay dapat pumunta sa Bureau of Labor Affairs (maaring gumamit ng telepono sa kakaibang sitwasyon lamang) upang gawin ang proseso ng pagpapatunay o beripikasyon para siguraduhin na ang dalawang partido ay parehong may nais na tapusin ang kontrata.

* Kapag ikaw ay binantaan o tinakot o may naranasan na hindi magandang pangyayari, puwede kang magreklamo sa personnel sa Bureau of Labor Affairs.

## 8. Karapatang humingi ng araw ng pahinga

Ang batas ng Taiwan ay nagbibigay garantisado na sa bawat 7 araw ng trabaho, ay may isang araw ng pahinga. Ngunit sa ngayon, ang mga household workers at ang mga caregivers ay hindi sakop sa garantisadong ito.

Kapag kinausap ka ng amo na huwag magpahinga at pumayag kang magtrabaho nang overtime, dapat kang bigyan ng nararapat na overtime pay.

## B. Kapag may paglabag sa iyong mga karapatan

### 1. Checklist

Sa trabaho, maaring may mga pangyayaring paglabag sa iyong karapatan. May 3 listahan sa ibaba. Ang una ay makakatulong upang malaman mo kung ikaw ay nakatanggap ng hindi makatwirang pagturing sa trabaho. Ang pangalawa ay may lista ng ilang mga sitwasyon at ito ang mga madalas na paraang ginagamit sa human trafficking. Ito ay makakatulong upang malaman mo kung ang nasalubong mong sitwasyon ay makatarungan. Ang huli ay makakatulong upang malaman mo kung ikaw ay biktima ng sexual abuse. Kapag may kalagayan na naaayon sa iyong sitwasyon, lagyan ng ˅ sa □ .

| Mga Kalagayan sa Trabaho | |
|---|---|
| □ | Mahaba ang oras sa trabaho ngunit walang overtime pay |
| □ | Kinausap ako ng amo na huwag magpahinga sa trabaho ngunit walang overtime pay |
| □ | Binibigyan ako ng trabaho ng amo bukod sa dapat kong gawin. |
| □ | Kinakaltasan ang sahod ko |
| □ | Walang ibinibigay na payroll slip. |
| □ | May payroll slip ngunit walang nakasulat na sariling wika. |
| □ | May payroll slip ngunit walang nakasulat na sariling wika. |
| □ | Kapag hindi ako sumang-ayon sa anumang nakalista sa itaas, tinatakot ako ng amo at ng broker na pauuwiin ako sa sarili kong bansa. |

| Listahan para sa Human Trafficking | |
|---|---|
| ☐ | Sinasaktan ako ng aking amo. |
| ☐ | Sinabi ng amo / broker na kung ako ay hindi mabait at masunurin, sasaktan nila ang aking pamilya. |
| ☐ | Tuwing ako ay lalabas, nagpapasama ng isang tao ang amo ko. Hindi ako maaring lumabas nang nag-iisa. |
| ☐ | Ako ay naroon lamang sa aking tirahan dahil may kandado ang pintuan o may surveillance camera at hindi maaring lumabas. |
| ☐ | Tuwing ako ay may kausap sa cellphone, nasa tabi ang amo at pinapakinggan ang aking mga salita. |
| ☐ | Kapag gusto kong kausapin ang aking pamilya o mga kaibigan, kailangan kong kunin ang aking cellphone na itinatago ng amo para sa akin. |
| ☐ | Subalit hindi ko gusto ang trabahong ito ngunit ang sabi ng amo / broker sa akin, kung ayaw kong gawin ay pupuntahan nila ang pamilya ko sa aking bayan. |
| ☐ | Ang sinabi ng amo / broker sa simula ay aalagaan ko lamang ang matanda ngunit sa huli ay maraming ibang trabaho ang pinapagawa tulad ng pagluluto sa tindahan, pagtrabaho sa pabrika. |
| ☐ | Ako ay pumunta rito sa Taiwan upang magtrabaho sa pabrika. Ngunit paglabas ko sa trabaho, gusto ng amo na tumuloy ako sa bahay nila para tulungan siya sa mga gawaing-bahay. Ang sabi niya, kapag ako ay tumanggi, pauuwiin niya ako sa aking bansa. |
| ☐ | Pinapirma ako ng amo / broker ng ilang mga dokumento. Hindi ko alam kung ano ang pinirmahan ko. Pagkatapos ay sinabi nilang marami akong inutang sa kanila, kailangan kong gawin ang binibigay nilang trabaho para makabayad sa utang, o kaya sabihin nilang pumayag na ako sa mahabang oras ng trabaho at hindi ako bibigyan ng overtime pay. |

| | |
|---|---|
| ☐ | Ang amo / broker ay gumagamit ng maraming dahilan para kaltasan ang aking sahod. Kakaunting pera lamang ang natatanggap ko bawat buwan pero hindi pa rin nababayaran ang aking utang. |
| ☐ | Dahil ako ay tumakas, wala akong ibang mapagpipilian kundi gumawa ng sexual trade / trabahong illegal labor. |
| ☐ | Dahil hindi ako marunong ng salitang Intsik, hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin. Sexual trade at illegal labor na trabaho lamang ang maari kong gawin. |

| Listahan para sa Sexual Abuse | |
|---|---|
| ☐ | Ang amo o ang ibang tao sa pamilya ay magsasabi ng mga salitang ukol sa sex at nagbibigay sa akin ng hindi magandang pakiramdam. |
| ☐ | Hinahawakan o hinahaplusan ng amo o ng ibang tao sa pamilya ang aking katawan, at hindi mabuti ang aking pakiramdam. |
| ☐ | Ang amo o ang ibang tao sa pamilya ay hihiling na hawakan ko ang kanilang katawan at ako ay naaasiwa. |
| ☐ | Sapilitan akong pinagkaroon ng sex relasyon sa amo o sa ibang tao sa pamilya. |

## 2. Paano mangolekta ng ebidensya

Base sa listahan sa itaas, ang sarili mo ay maaring nakasalubong ng mga hindi makatwirang bagay. Ngayon, susubukan natin na mangolekta ng ebidensya. Ang sumusunod na dalawang listahan ay magsisimula sa sino, ano, kailan, saan, bagay – limang kategorya bilang palatandaan ng mga detalyeng nangyari sa iyo. Pilitin na isipin ang anumang detalye, ito ay makakatulong sa paglaban para sa sarili mong mga karapatan!

| Kapag nagkaroon ng hindi makatwirang pagturing sa trabaho, maari mong gawin | |
|---|---|
| ☐ | Sino: Tandaan ang pangalan ng amo, telepono at tirahan |
| ☐ | Ano: Ano ang nangyari? Ano ang ginagawa kong trabaho? Tandaan at isulat ang mga detalye. |
| ☐ | Kailan: Tandaan at isulat ang mga detalye ng pagpasok at paglabas sa trabaho sa bawat araw, oras ng pahinga, araw ng pahinga. |
| ☐ | Saan: Tandaan at isulat ang address ng lugar ng trabaho. |
| ☐ | Bagay: Itago ang payroll slip sa bawat buwan. Kung ayaw ibigay ng amo, isulat ang natanggap na halaga ng sahod sa bawat buwan. Kapag nakikiusap sa amo, maaring i-rekord sa cellphone, recording pen o mp3 o kunan ng litrato. |

| Kapag nagkaroon ng sexual abuse, maari mong gawin: | |
|---|---|
| ☐ | Sino: Tandaan ang pangalan ng maysala, ang hitsura at mga kakaibang katangian sa katawan |
| ☐ | Ano: Ano ang mga ginawa niya sa akin? Tandaan ang mga detalye ng pangyayari. Anong klaseng paglaban at pag-aalsa ang ginawa ko? Kanino ko sinabi ang pangyayaring ito? |
| ☐ | Kailan: Kailan ito nangyari? Ilang ulit? Tandaan ang araw at oras ng pangyayari. |
| ☐ | Saan: Saan ito nangyari? Sa aling lugar sa loob ng bahay? Pangalan ng hotel? |
| ☐ | Bagay: Iwan at itago ang mga bagay na ebidensya. Huwag maghugas at huwag palitan ang kasuotan. Magmadaling tumungo sa ospital para magpa-eksamen (sa loob ng 3 araw). Kunin ang mga ebidensyang ginamit ng maysala tulad ng tissue paper, condom. |
| ☐ | Pakiramdam: Ano ang naramdaman ko tungkol sa pangyayaring ito? Ano ang kalagayan ng katawan ko ngayon? |

## 3. Karapatang magreklamo ng dayuhang manggagawa

### 24 Oras na Foreign Workers' Counseling and Protection Hotline 1955

Ang 24 Oras na Foreign Workers' Counseling Hotline 1955 ay handog ng Council of Labor Affairs (CLA). Ito ay isang help hotline at may taong sumasagot sa telepono 24 oras sa buong araw at walang pahinga sa buong taon. May serbisyo sa wikang Intsik, Ingles, Thai, Indonesian at Vietnamese. Maaring tawagan mula sa landline, cellphone, public phone (kailangang may telephone card) at libre ang tawag.

Pagtawag sa 1955, may sasagot na recording sa Chinese: "1955 Foreign Workers' Protection Hotline". Pagkatapos ay may "For Chinese, press 1; English, press 2 …" Piliin ang numero ng ninanais na wika at may taong sasagot sa telepono.

Ibibigay ng 1955 ang kaso mo sa local Bureau of Labor Affairs. Kapag kailangan mong magreklamo, dapat na malinaw mong sabihin sa kanya:

Ako ay may reklamo. Hindi lamang pagtatanong. Ang mga hinihingi ko ay …
Pangalan at passport number
Pakibigay ang kasong ito sa local Bureau of Labor Affairs
Kailangan ko ang tulong ng social worker ng NGO (sabihin ang pangalan ng NGO kung alam mo) upang samahan ako sa pag-ayos ng kasong ito.

**Para sa sexual abuse, tumawag sa 1955 o sa 113 Women and Child Protection Hotline o sa 110 National Police Hotline.**

Kapag ikaw ay nakaranas ng sexual karahasan, maaring tumawag sa 1955 o sa 113 Women and Child Protection Hotline sa buong bansa o sa 110 National Police Hotline. Isasabay ng 1955 ang pag-report sa Council of Labor Affairs at sa pulis. Ang 113 Hotline ay may mga tagasalin sa wikang Intsik, Ingles, Indonesia, Vietnam, Thailand, Cambodia at iba pa, at maaring makapagbigay ng tulong sa pamamagitan ng pag-uusap ng 3 party-line.

## C. Kapag ikaw ay OCW na reported missing

### 1. Mga gastos na dapat mong bayaran bago mapauwi sa sariling bansa

Baka inaakala mong kapag ikaw ay nahanap na ng pulis, madali ka nang pauuwiin. Pero maaring patirahin muna kayo sa loob ng shelter at kailangang bayaran ang sariling pagkain at ang bayad ng tiket pauwi sa sariling bansa. Nasa ibaba ang mga bagay na maaring sariling gastusin:

Kapag ikaw ay nag-overstay at lumampas sa araw ng iyong valid duration of stay, kailangan mong bayaran ang multa ayon sa bilang ng araw ng pag-overstay. Pinakamataas na halaga ang NT$10,000.
Ikaw ay patutuluyin sa shelter. Pinakamahabang pag-tira rito ay 120 araw. Sa panahong pagtira sa shelter, kailangan mong bayaran ang pagkain NT$150 bawat araw.
Kailangang bayaran mo at sariling gastos ang tiket sa eroplano sa pag-uwi sa sariling bansa.
Kapag ang passport ay paso na, kailangang ayusin ang travelling documents at bayaran ang sariling gagas-tusin.

Kung halimbawang nag-overstay ka (base sa duration ng residensiya) nang isang taon at nanatili sa shelter nang 120 araw, paso ang pasaporte, ang pinakamalaking hala-ga ng gagastusin mo ay:

Multa sa pag-overstay NT$10,000
Bayad sa tiket sa eroplano NT$10,000
Bayad sa travelling documents NT$1,500
Total na halaga nakatantiya sa NT$21,500

## 2. Kusang pag-surrender sa National Immigration Agency Specialized Operation Affairs

Kapag ikaw ay kusang nag-surrender, maaring hindi kailanganin na ipasok ka sa shelter ngunit dapat kang makaalis sa bansa (Taiwan) sa loob ng 30 araw.
Kapag ikaw ay kusang nag-surrender ngunit sa nakaraan ay nakasangkot sa kasong kriminal, ayon sa "Proseso para sa mga Overstaying Dayuhan na Kusang Aalis sa Bansa" na inilathala ng Ministry of Interior National Immigration Agency noong Mayo 29, 2013, kailangang patuluyin ka sa shelter habang hinihintay ang isinasagawang proseso sa hukuman.

- Madalas na pangkaraniwang sitwasyon:
  Inireport ng employer sa pulis na ikaw ay may ninakaw na pag-aari sa kanilang bahay nang ikaw ay tumakas.
  Mayroon kang tinulungan na kababayang contract worker na magpadala ng mga gamit ngunit ang mga gamit na yaon ay kanyang ninakaw.

Kapag inaakala mong ikaw ay pinagbibintang ng ibang tao, maari kang humingi ng legal consultation sa legal assistance abogado na pumupunta sa shelter bawat buwan. Maari ring humingi ng tulong sa mga opisyales sa loob ng shelter na ipasa ang iyong kaso sa Legal Aid Foundation at humingi ng tulong sa paglilitis.

## 3. Pagkuha sa Naipong Sahod na Hindi Naibigay sa Nakaraan

Kapag may sahod kang hindi pa ibinibigay ng amo (legal man o illegal), maari kang humingi ng tulong sa Bureau

of Labor Affairs upang makuha ang nararapat na sahod, o bigyan ng awtorisasyon ang NGO na tulungan kang makuha ang sahod at maipadala sa iyo.

Kung maari, ihanda ang

- Detalyeng record ng trabaho, pati na ang oras ng pagpasok at paglabas sa trabaho
- Impormasyon ukol sa amo at ang address o lugar ng trabaho
- Ang sahod na nararapat mong matanggap at ang halaga ng sahod na nakuha mo na

## D. Mga halimbawa:

### 1. Halimbawa ng labor dispute

Si Annie ay nag-apply bilang family caregiver ngunit pagdating niya sa Taiwan, sa bahay ng dalawang amo siya nagtrabaho. Ang pangkaraniwang lugar ng kanyang trabaho ay sa bahay ng amo na illegal kung saan may inaalagaan siyang 3 taong gulang na bata at naghahatid-sundo sa batang pumapasok sa tutorial school. Bukod sa pag-aalaga sa bata, siya ang naglilinis, nagluluto, naglalaba, naghuhugas ng kotse, nagtatanim ng halaman at namamalantsa sa damit. Kung minsan ay pumupunta pa siya sa chocolate factory para tumulong sa paggawa ng tsokolate at tumulong sa pagbenta ng tsokolate sa lugar na malapit sa 101 Building. Bawat araw, sa 5:30 ng umaga siya bumabangon at sa ala-1 o alas-2 na ng madaling-araw siya makakatulog. Ang lalong hindi matanggap ni Annie, mula simula ay wala siyang nakitang sariling sahod. Idinideposito raw ng illegal na amo sa bangko ang pera, ngunit ang amo rin ang humahawak sa bankbook.

Ang dapat alagaan na Lola ay tumutuloy sa bahay ng illegal na amo 3 o 4 na arw lamang sa isang linggo. Pumupunta pa siya at naglilinis sa bahay ng nakapangalan na employer 1 o 2 beses sa isang linggo. Kapag umaalis at nag-aabroad ang illegal na amo, bumabalik siya sa bahay ng tutoong employer at doon nagtratrabaho.

(Sa bahay ng illegal na amo, sapilitang pinagupit ang buhok ni Annie. Kapag hindi raw nagpagupit, pababalikin siya sa Indonesia. Kinumpiska ng amo ang cellphone ni Annie. Ang kanyang tulugan ay sa kwartong pinagsasampayan ng mga damit, may washing machine sa tabi. Tuwing taglamig ay maginaw, pagod, malungkot at walang magagawa …)

## 2. Halimbawa ng sexual abuse

Si Wenny ay naririto sa Taiwan nang dalawang buwan na bilang caretaker. Iilang salita lamang ang alam niya sa Intsik. Siya ay 21 taong gulang, walang asawa. Ang amo ni Wenny ay isang 60 taong gulang na Lolo. Ang pasyenteng aalagaan niya ay si Lola, paralyzed ang kalahating ibabang katawan at hindi makalakad. May tatlo pang anak na malalaki na (adults) at magkakasamang nakatira sa bahay. Ang trabaho ni Wenny ay maglinis at magluto. Mabigat at marami ang trabaho, walang araw ng pahinga, hindi nagkakaintindihan sa salita at masama ang ugali ni Lola.

Nang Araw ng Bagong Taon, nagplano sina Lolo at mga anak at kasama si Wenny na kumain sa restaurant. Dahil marami ang tao, inihatid muna ni Lolo si Wenny sa motorsiklo. Pagdating sa restaurant, dinala siya ni Lolo sa isang napakagandang kwarto. Kahit kailan, hindi pa siya nakakita ng ganyang kagandang lugar kaya panay ang

kanyang papuri. Ngunit nagtataka siya at bakit walang mga mesa. Tinanong niya kung nasaan ang mga ibang tao. Sinagot ni Lolo na mamayang kaunti ay darating na ang lahat ng tao. Diyan sa kwartong iyan, siya ay ginahasa ni Lolo. Puno ng dugo ang kanyang panty, pero pinilit siya ni Lolo na hugasan kaagad. Matapos ang pangyayari ay pilit siyang binigyan ni Lolo ng NT$5000. Sa huli, binalik niya ang pera kay Lolo at tumakas siya sa bahay at nagreport sa pulis. Ngunit dahil walang siyang ebidensya, pinagsabihan siyang ireport ito bilang labor dispute at humingi ng pagpalit ng amo.

## 3. Halimbawa ng sex exploitation

Naroroon ang mga mahalagang tao sa pamilya ni A-mei sa kanyang bayan sa Indonesia. Upang makapag-ipon ng pera para sa kanyang maysakit na ina at sa anak na nag-aaral sa elementarya, nagpasiya siyang magtrabaho rito sa Taiwan. Ang sabi ng broker sa kanya, ang trabaho niya rito sa Taiwan ay ang mag-alaga kay Lolo. Pinagbutihan ni A-mei ang kanyang trabaho ngunit sumakabilang-buhay si Lolo pagkalipas ng tatlong buwan. Sinabi ng amo sa kanya na pauuwiin na siya sa Indonesia dahil namatay na si Lolo. Nag-alala si A-mei ukol sa USD6000 na kanyang hiniram para sa placement fee at hindi pa ito nababayaran kaya tumakas siya mula sa bahay ng kanyang amo nang gabing iyon.

Sa kanyang pagtakas, si A-mei ay may nasalubong sa daan na babaeng taga-Indonesia rin. Sinabi niya kay A-mei na may trabaho at dinala siya sa isang bahay. May isang babae (A-i) sa loob at kinuha niya ang cellphone at pasaporte ni A-mei. Pinasuot niya si A-mei ng mga seksing damit. Kinabahan si A-mei at tinanong kay A-i kung ano

ang trabaho niya. Sinagot ni A-i na sasamahang matulog ang mga customer na lalaki at ginusto niyang simulan agad ni A-mei. Umiyak si A-mei at umayaw siya. Sinabi ni A-i kay A-mei: "Kung ayaw mo, pahuhulihin kita sa pulis! Pauuwiin ka nila sa Indonesia! Alam ko rin kung saan nakatira ang pamilya mo, kaya mas makakabuti na makinig at sumunod ka!"

Napilitan si A-mei na tumanggap ng maraming customer na lalaki sa loob ng bawat araw. Tuwing pahinga ay naroon lamang siya sa loob ng kuwarto. Nakasara ang pintuan mula sa labas. Gustong tumakas ni A-mei ngunit hindi niya malaman kung ano ang dapat niyang gawin … Dalawang buwan na siyang nagtratrabaho roon ngunit wala pa rin siyang natatanggap na sahod. Sinabi ni A-i na ipinadala niya ang pera sa pamilya ni A-mei sa Indonesia ngunit walang paraan na makausap ni A-mei ang kanyang pamilya, at hindi niya rin alam kung tutoong naipadala ni A-i ang pera …

## 4. Halimbawa ng Labor Exploitation

Dahil gusto ni A-ming na kumita ng mas maraming pera para sa kanyang pamilya, humiram siya ng USD6400 na placement fee sa Vietnam at pumarito sa Taiwan upang magtrabaho sa factory. Nagsisimula siya sa trabaho 8:00 bawat umaga hanggang 8:00 ng gabi. Isang oras lamang ang pahinga niya para kumain. Kung minsan, pinapatawag pa siya ng amo tuwing uwian upang maglinis sa bahay. Subalit pagod na si A-ming, takot siyang mapagalitan kaya tinutulungan niya ang amo na maglinis hanggang hatinggabi.